

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa layunin na mayroon ka sa Kanya. Ipanalangin na ipaalala Niya sa iyo araw-araw kung ano ang layunin Niya para sa iyo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon ngayong linggo upang ibahagi sa isang kaibigan, kamag-aral, o kasama sa trabaho ang katotohanan tungkol sa layunin ng Diyos. Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob upang ibahagi sa mga tao kung paano nagbago ang buhay mo dahil sa kaalamang lagi mong kasama ang Diyos.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang ating iglesia upang maging komunidad na nagbibigay buhay kung saan maaaring lumago ang mga tao sa pagkakaunawa nila sa kanilang layunin kay Cristo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon na matulungan ang iba sa pagtupad nila ng layunin ng Diyos para sa kanila.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## No Filter

## Layunin

WEEK 2

## WARM-UP

- Kung maaari kang magkaroon ng kapangyarihan, ano ang pipiliin mo at bakit?
- Magbahagi tungkol sa libro o *blog post* na naging bahagi ng buhay mo.
- Ano ang isang bagay na kinatatakutan mong gawin noong bata ka? Bakit ka natakot gawin ito?

**WORD** <sup>6</sup>Sumagot ako, "Panginoong Diyos, hindi po ako magaling magsalita, dahil bata pa ako." <sup>7</sup>Pero sinabi ng Panginoon sa akin, "Huwag mong sabihin bata ka pa. Kinakailangang pumunta ka saan man kita suguin, at sabihin ang anumang ipasasabi ko sa iyo." <sup>8</sup>Huwag kang matakot sa mga tao sapagkat ako'y kasama mo at tutulongan kita. Ako, ang Panginoon, ang nagsasabi nito." <sup>9</sup>Pagkatapos, hinipo ng Panginoon ang mga labi ko at sinabi, "Ibinibigay ko sa iyo ngayon ang aking mga salitang sasabihin mo." <sup>10</sup>Sa araw na ito binibigyan kita ng kapangyarihang magsalita sa mga bansa at mga kaharian. Sabihin mo na babagsak ang iba sa kanila at mawawasak, at ang iba naman ay muling babangon at magiging matatag." **JEREMIAS 1:6-10**

Maraming tao ang nagtatangkang malaman kung ano ang layunin nila sa buhay. Ang nakakalungkot ay may ibang sumusuko sa pag-alam ng katotohanan at nagsasabing walang layunin ang kanilang buhay. Subalit, sa pamamagitan ng buhay ni Jeremias, makikita natin na ang Diyos ay may itinalagang layunin para sa lahat. Narito ang ilang katotohanan na maaari nating panghawakan tungkol sa layunin natin mula sa aklat ni Jeremias.

## 1 | Ipinadala ka ng Diyos.

*Pero sinabi ng Panginoon sa akin, "Huwag mong sabihing bata ka pa. Kinakailangang pumunta ka saan man kita suguin, at sabihin ang anumang ipasasabi ko sa iyo."* **JEREMIAS 1:7**

Bagama't tumugon si Jeremias nang may pagdududa sa tawag ng Diyos sa buhay niya dahil sa mga inisip niyang limitasyon, tumugon ang Diyos nang may ganap na katiyakan na Siya ang nagpadala sa kanya. Dahil ang Diyos ang nagpadala sa atin, maaari tayong tumugon nang may pananampalataya sa halip na pagdududa. Ano ang mga humadlang o nagbigay sa iyo ng pag-aalinlangan noong nagsimula kang sumunod sa Diyos? Paano mo sila napagtagumpayan?

---

---

---

---

## 2 | Kasama mo ang Diyos.

*"Huwag kang matakot sa mga tao sapagkat ako'y kasama mo at tutulungan kita. Ako, ang Panginoon, ang nagsasabi nito."*

**JEREMIAS 1:8**

Inamin ni Jeremias sa Diyos na natatakot siyang tuparin ang kagustuhan Niya. Hindi ipinangako ng Diyos na hindi tayo mahihirapan, subalit sinabi Niya kay Jeremias na kasama niya ang Diyos at siya ay tutulungan Niya. Tulad nito, sa pagtupad natin ng layunin ng Diyos para sa atin, ang Kanyang presensya at proteksyon ay kasama natin sa lahat ng sitwasyon. Paano tayo makakasulong sa ating pananampalataya nang may katiyakan na kasama natin ang presensya ng Diyos? Paano mo natutunang isuko sa Diyos ang iyong mga pangamba?

---

---

---

---

## 3 | Binibigyan ka ng Diyos ng kakayahan.

*Pagkatapos, hinipo ng Panginoon ang mga labi ko at sinabi, "Ibinibigay ko sa iyo ngayon ang aking mga salitang sasabihin mo."* **JEREMIAS 1:9**

Nang tawagin ng Diyos si Jeremias, hindi Niya ito ginawa nang walang kasamang probisyon. Hinipo ng Diyos ang labi ni Jeremias upang italaga ito para sa Kanyang kagustuhan at bigyan ng kakayahan na gawin ang Kanyang layunin. Bago tayo ipadala ng Diyos upang gawin ang nais Niya para sa atin, inihahanda at binibigyan Niya muna tayo ng kakayahan. Hindi inangkin ni Jeremias ang kakayahan na sabihin ang mga salita at propesiya na sinabi niya. Ibinigay niya ang lahat ng papuri sa Diyos. Magagawa lamang nating gawin ang layunin ng Diyos kung kikilos tayo sa Kanyang kapangyarihan. Paano ka binibigyan ng Diyos ng kakayahan na tuparin ang layunin Niya para sa iyo?

---

---

---

---

### APPLICATION

- Ano ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos itong panahong ito?
- Nananalig ka ba sa layunin ng Diyos para sa iyo o ikaw ba ay natatakot, nagdududa, o hindi naniniwala? Ano ang maaari mong gawin nang may pananampalataya ngayong linggo tungkol dito?
- Sino ang maaari mong matulungan upang maunawaan ang layunin ng Diyos para sa kanila? Mangakong kakausapin sila tungkol dito ngayong linggo.